Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MARSO 16, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ......... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 082-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NG GAWAD KALINGA FOUNDATION NA MALIBRE SA PAGBABAYAD NG BUILDING PERMIT ANG MGA NAKATAYONG BAHAY NA SAKOP NITO SA MAY BARANGAY JASAAN AT GATID NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T**, may pagliliwat sa sangguniang ito si Inhr. Darryl M. Alagon, Pambayang Administrador ayon sa pahintulot ng Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas ng liham ng Gawad Kalinga Foundation na humihiling na ma-exclude sa pagbabayad ng building permit ang Gawad Kalinga Foundation sa Barangay Gatid at Jasaan dahilan sa kakapusan sa buhay;

**SAPAGKA'T,** ang Gawad Kalinga Foundation ay isang balikatang samahang binuo sa layuning matulungan ang mga dukhang magkaroon ng sariling bahay;

**SAPAGKA'T,** ang Sangguniang Bayan, Pang. Punong Bayan at Punong Bayan ay nakikiisa sa Gawad Kalinga Foundation na patuloy na tumutulong sa mga mahihirap para sa pagkakaroon ng magandang kinabukasan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco (Tagapamuno ng Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Isagani R. Malapaya, Roselon F. Pamatmat at Laura P. Obligacion at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang kahilingan ng Gawad Kalinga Foundation na ma-libre sa pagbabayad ng building permit ang mga nakatayong bahay na sakop nito sa may Barangay Jasaan at Gatid ng bayang ito.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Lisensya at Permiso, at Gawad Kalinga Foundation, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 808-1008

## OFFICE OF THE MAYOR

OFFICE OF THE ... Received ... SOLE... 3-31-09 Date/Time

**1st Endorsement**
March 30, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. Jeanette P. Alfonso**, *Secretary*, the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 083- T' 2009**, duly approved by the undersigned.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor